

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE
PRESIDENTIAL NEWS DESK
REFERENCE: DIRECTOR CECILIA M. SUERTE FELIPE**

**BBM PODCAST
EPISODE 2 (PART 2)
EDUCATION, RICE, AND SECURITY
[18 June 2025]**

MS. CHERYL COSIM: Puntahan ko naman po, Mr. President, ang edukasyon.

Noon pong nakaraang taon, you ordered DepEd to rationalize ang senior high school curriculum.

Now, Senator Jinggoy wants to scrap it. Pero si Senator Win Gatchalian naman po ang sinasabi niya ay to reduce 'yung college years instead. Ano po ang stand niyo dito?

PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.: It is just expressing the same frustration that I expressed in the first place. Kasi it's costing more for the parents kasi nadagdagan ng two years pa. Magmamatrikulasyon pa 'yan. Maraming mga school supplies, bibili ng libro, lahat.

Sa 10 years, wala namang advantage. Wala namang naging advantage. Hindi rin nakukuha sa trabaho.

So, that's his frustration. And that's also my frustration. So, we'll see what the Congress will do.

But while the law is still K to 12, basta't ang sinabi ko kay Sec. Sonny Angara pagandahin natin nang husto habang nandiyan pa 'yan.

Kasi anong madalas nating marinig? Mismatch. Iyong skills ko hindi employable. Magaling akong magganito, hindi naman nila kailangan ng ganyang klase.

We have partnered with the private sector and to ask them, ano ba ang kailangan ninyong skills? Ano ba ang kailangan ninyong klaseng trabahador para makuha – ma-employ doon sa inyo?

In fairness, the private sector went even one step further. Gusto niyo kami na magpatakbo ng training? Tapos paglabas niya doon sa training, may trabaho siya sa amin kasi eksakto 'yung training niya doon sa kailangan namin. Iyon ang aming ginagawa.

MS. COSIM: Ang sinasabi po ay paano pa 'yung challenge na i-improve or ibalik sa dati 'yung kalidad ng edukasyon po dito sa ating bansa?

Kanina when we were on our way here ay napag-usapan namin nung aking producer na noong panahon namin 80s, 'pag may labanan ang iba't ibang eskwelahan, 'pag private ka, nangangatog ka or may worry ka na 'pag katapat mo ay public school dahil napakagagaling.

PRESIDENT MARCOS: Oo.

MS. COSIM: At 'yun ang – paano po – and that was during your father's time. So, paano po -- ano ang marching orders niyo, habilin niyo kay Secretary Angara na itaas natin 'yung kalidad ng edukasyon pa para kasi lately nahuhuli tayo?

PRESIDENT MARCOS: Marami, marami tayong ginagawa. Unang-una, classroom.

Isipin mo 160,000 ang kulang natin na classroom? Paano nangyari 'yun? Basta pinabayaan na lang.

Mayroon ngang classroom kaming nakikita Marcos-type pa. Tinayo mga 1970. Eh dapat 'yung mga classroom na 'yun, 20-30 years lamang ang lifetime. Dapat ayusin na 'yan after. Pero hanggang ngayon ginagamit pa.

Pinabayaan talaga ang education. That's what happened. There was no effort to help the education.

Kaya 'yung mga grade – 'yung mga rating natin, especially STEM subjects, pababa nang pababa. Tapos may hindi marunong magbasa.

When I first became governor, pinag-inspeksyon ako sa eskwela. Ang ginagawa ng teacher, kung ano-ano ang binibenta sa estudyante. Tinanong ko – alam mo, ako, para sa akin, hero ang mga teacher. So, tinanong ko sa kanila, “Bakit ganyan? Bakit imbis na nagtuturo ka – ?” Sabi niya, “May pamilya din ako eh. Eh 'yung suweldo ko hindi pa dumating.”

So, my first act as congressman of the 2nd District of Ilocos Norte was to create teachers' cooperatives for every town. Parang savings and loan para hindi ka mag-5-6, malulubog ka sa utang. Kahit papaano mayroong nagsusuporta sa'yo.

So, that's the key. I found out that's the key. Support the teachers. Just support the teachers. Basta you support the teachers.

So, one of the things that we did, binawasan natin ang kanilang administrative duties. Then, we hired many, many, many more teachers. And then, we have put in place a program for the retraining, re-education of our teachers kasi maraming ng bago, maraming bagong nangyayari. So, maraming bagong teknolohiya that they have to learn about. So, support the teachers. That's number one.

We have entered into a program to rebuild and to build more school buildings. Ginawa na namin PPP. Kasi kung gobyerno lang ang gagawa, kakaunti lang ang magagawa natin.

But again, in fairness to the private sector, very cooperative sila. Naglalabas talaga sila ng pera, very willing sila na tumulong.

There's another problem, may performance audit at the end of the year para sa mga teacher. So, 'pag sinasabi, kalahati nung klase mo bagsak, eh mahina kang teacher. Bababa 'yung performance audit mo.

Kung 90 percent ang pinasa mo, aba magaling na teacher ito. So, kahit na hindi marunong magbasa, ipasa mo na. 'Yun ang nangyayari. Just a practical thing. Pero we should – we will remedy that.

The performance review is not going to be based on that. It's going to be based on the students or siyempre the students' actual performance in tests.

MS. COSIM: Magpapasukan na ulit, Mr. President, siguro po maikling mensahe na rin para sa ating mga mahal na guro?

PRESIDENT MARCOS: Basta ang mga guro kayo ang mga – idol namin kayo. Kayo ‘yung mga bayani para sa akin. Asahan ninyo na alam ko na mapakabigat ng inyong trabaho.

I always say, the public school teachers are the hardest working public servants in the whole of government. Magalit na silang lahat sa akin but I believe that. They really are the most busy. Ang daming ginagawa. Kahit wala na sa job description nila kung ano-ano ‘yung ginagawa.

They are leaders of their communities. They take care of our children. My God, this is a – you have to – we have to support them.

Kaya ang ating mga guro, asahan ninyo dito sa administration na ito, kayo ang pinupuri namin, kayo ang nagbibigay ng dangal sa ating educational system.

Tutulungan namin kayo hangga’t maaari para ‘yung ating mga kabataan na minamahal natin lahat ay maging magaling, maging matalino, at maging marunong.

MS. COSIM: Puntahan ko po ang malapit sa sikmura ng lahat ng mga Pilipino, ang dalawampung pisong presyo po ng bigas. Sa huli niyo pong podcast with Ka Tunying, sabi niyo nga, “watch us sustain it.” Paano po nagagawa ito ng gobyerno? Through subsidy? Magkano po?

PRESIDENT MARCOS: There is a lot. Maraming factors ito. I concentrated kaagad sa production side.

So, baka hindi alam nga ng tao, in 2023, we had the largest crop of palay in the history of the Philippines. In 2024, nalampasan na natin ‘yun. In 2025, we predict lalampasan na naman natin ‘yun. So, our production is slowly going up.

Since our production is already going up, bababa ang cost of production. Since bababa ang cost of production, ‘di ang pagbenta kung bibili ang NFA, ang pagbenta ng NFA, pababa nang pababa.

That's why I'm so confident masabi sustainable. Kasi basta ipatuloy natin, magbigay tayo ng makinarya sa farmer, pagandahin natin lahat nung irrigation natin. Mag-research tayo sa IRRI, sa UPLB kung ano ‘yung magagandang bagong variety, ano ‘yung mga planting techniques na mga bago para lumaki-lumaki, gumanda nang gumanda ang production side natin.

Pagka gumanda nang husto ‘yung production side natin, maibababa natin, wala ng subsidy.

MS. COSIM: Magagawa po kaya ‘yan bago matapos ang inyong termino?

PRESIDENT MARCOS: Magagawa ‘yan. Magagawa ‘yan. We did it before already. Nag-export na tayo ng bigas. So, why not do the same thing again? It's really, you help the farmers.

Ang kinakatakutan ng iba, 'pag masyado nang mababa ang presyo ng bigas, papaano naman 'yung mga magsasaka natin?

MS. COSIM: Iyon po ang sinasabi kasi 'yung mga – ang gusto nila... Ang mga farmers natin ngayon dinadala talaga sa NFA ang mga palay nila dahil nabibili daw po ito ng mga 17 to 18 pesos, kung hindi po ako nagkakamali. Sa mga traders, sa private, ay nasa 11 to 12 pesos na talagang kaya ayaw nila.

Paano niyo po tinutugunan or tutugunan 'yung ganitong problema na hindi rin makawawa o malugi ang ating mga magsasaka?

PRESIDENT MARCOS: Napakahirap na maging magsasaka. Ang hirap na buhay 'yan. Ang bigat ang trabaho niyan. Nauubos 'yung – mauubos 'yung – tumatanda ka nang maaga dahil sa nagsasaka ka.

We have to support them. So, kahit ano pa ang mangyari sa presyo ng bigas na ipinagbibili natin sa mga palengke, hindi natin ibababa ang buying price ng NFA. Never bababa 'yan.

MS. COSIM: Sa Kadiwa ng Pangulo available po ang P20 na bigas. Pero ang apela po siguro or ipaabot ko na rin po sa inyo, Mr. President, na sana mas madami daw na Kadiwa stores o Kadiwa ng Pangulo ang nasa kani-kanilang mga lugar.

May mandate na po ba tayo na kung parang puwedeng health center 'yan, damihan niyo ng ano ang mga Kadiwa stores?

PRESIDENT MARCOS: Let's go further. Ang nangyari kasi ngayon, we are in partnership with the LGUs.

Eventually, I'm looking at a proposal na next year, wala ng kontribusyon ang LGU. Ang kontribusyon lahat sa national government.

So sa ngayon, we are providing the volumes that are sufficient for 51 percent of our population. That's for now.

And hopefully, we will bring it up to the point that bigas for all. It will all be 20 pesos.

MS. COSIM: Hihintayin natin 'yan, Mr. President.

PRESIDENT MARCOS: Pareho tayo.

MS. COSIM: Puntahan ko po ang inyong pagkakatalaga kay bagong PNP Chief General Torre. Personal choice niyo po ba 'yun, Mr. President?

PRESIDENT MARCOS: In terms of the police, isa lang ang iniisip ko: that people are safe.

Now, it's like Caesar's wife. You're not just safe. It's not sufficient that you are safe. You must feel safe.

Even if the statistics are telling you crime rate is down, drug seizures are up, that's not enough. People should feel comfortable to walk in the night around their neighborhood. That they can send their child to the sari-sari store. 'Yun ang kailangan. Kaya ginawa namin.

And then, I saw si Nic Torre is effective at that. And so, that's why in the end, we chose him for PNP, for PNP chief.

As a matter of fact, very soon after he assumed the position of chief PNP, we instigated already this new program of Cops on the Beat. And nararamdaman na kagad.

That's the only way to regain the trust. And that's the only way that people will feel safe. Well, kahit anong mangyari dito, si patrolman ganyan-ganyan, nandiyan lang 'yan. Isang tawag lang 'yan, tatakbo na rito 'yan.

MS. COSIM: Iyong three minute or five minute ano 911 na dapat mag – ?

PRESIDENT MARCOS: That's what we're looking for.

MS. COSIM: Ano pa po ang inyong marching orders kay PNP Chief General Torre?

PRESIDENT MARCOS: We still have a drug problem in this country. Siyempre pumapasok pa rin 'yung shabu.

So, sabi ko, you continue to – pero 'yung hulihin ninyo 'yung malalaki. At saka puntahan ninyo kung saan pumapasok. Iyon ang isara natin. And we're slowly doing that.

Ito ngayon, sinabi ko sa Coast Guard at saka sa PNP, bantayan na ninyo kasi ayokong bumalik sa merkado 'yan.

Sirain na ninyo kaagad as quickly as possible. And make sure na nandoon kayo para 'pag sinabing so many tons, ilang tonelada, 'yun talaga ang nandiyan. Hindi nababawasan. Bilangin ninyo nang husto, tapos buhusan niyo ng gasolina, sunugin na ninyo.

MS. COSIM: Paano po rin kaya mararamdaman 'yan sa mas – like the barangay level, sa communities?

PRESIDENT MARCOS: Well, what is happening, because we were concentrating nga doon sa mga bigtime na drug syndicate, drug lord.

May balita na bumabalik-balik sa mga bara-barangay 'yung mga small time. Kaya 'yung Cops on the Beat, that's the solution to that.

Kasi nagpapatrolya sila, kahit sino kung dealer, hindi ka naman siguro mapapaiwan doon na mahuhuli ka lang ng pulis. So, medyo maipapalayo natin sila na maitigil na nila 'yung kanilang ginagawa.

--- END ---